Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF PAMPANGA**

July 10, 2023

DIVISION MEMORANDUM
No. 327, s. 2023

**PANSANGAY NA SEMINAR-WORKSYAP SA PAGSULAT NG PANANALIKSIK NG MGA GURO SA JHS AT SHS FILIPINO**

PARA SA MGA: Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan
Mga Hepe ng mga Superbisor sa CID at SGOD
Tagamasid Pampurok ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Pampublikong Punong Guro sa Sekundarya
Mga Piling Guro sa Filipino JHS at SHS

1. Isa sa mga salik ng K to 12 Curriculum ay ang maging kaugnay at konektado ang mga mag-aaral sa mundong ginagalawan sa pamamagitan ng pagpapalawig ng kurikulum ayon sa kakayahang kailangang malinang sa kanila. Kabilang sa kakayahang ito ay ang maging maalam sila sa panunuri at mapatunayan sa pananaliksik ang kaalamang natutuhan at nalinang sa kanila lalo na sa sekundarya.

2. Sa ganitong adhikain, kinakailangang maging kasangkot sa pagsasagawa ng pag-aaral at pananaliksik ang ating mga guro sa iba't ibang sitwasyon at suliraning kinakaharap ng bawat mag-aaral sa kanilang paaralang kinabibilangan, lalo pa't isa sa mga tungkulin ng mga guro pati mga dalubguro ay ang makagawa ng isang pananaliksik batay sa suliraning pangklasrum o pampaaralan na kailangang masolusyonan tungo sa magandang kinabukasan ng bawat mag-aaral.

3. Kaugnay nito, ang Sangay ng Pampanga ay handang hasain ang mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik sa antas pangklasrum at pampaaralang antas upang mabigyang lunas ang iba't ibang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

4. Ang asignaturang Filipino, sa ilalim ng Curriculum Implementation Division ng Sangay ng Pampanga, ay magsasagawa ng isang Pansangay na Seminar-Worksyap sa Pagsulat ng Pananaliksik para sa mga Guro sa Filipino - JHS at SHS sa ika- **26 hanggang 28 ng Hulyo, 2023** na gaganapin sa **Greene Manor, Lazatin Blvd., City of San Fernando, Pampanga**.

Address: High School Boulevard, Barangay Lourdes, City of San Fernando, Pampanga
Telephone No.: (045) 435-2728
eMail Address: pampanga@deped.gov.ph

5. Layunin ng palihang ito ay ang mga sumusunod:

   a. matutuhan ng mga guro ang wastong pagtuturo ng Pananaliksik gamit ang mga iba't ibang paraan sa larang na ito;
   b. matutukoy ang mga estratehiya at mga kagamitang aakma sa pagsasagawa ng Pananaliksik sa makabagong panahon; at
   c. maiangat ang antas ng edukasyon ng mga mag-aaral sa sekundarya sa pamamagitan ng pagresolba ng mga suliraning kinakaharap sa pamamagitan ng pananaliksik.

6. Ang mga kalahok sa nasabing palihan ay isang guro sa Senior High School sa bawat paaralan na nagtuturo ng Filipino at tatlong (3) JHS na guro lamang sa bawat klaster.

7. Ang mga dadalo ay may *service credits* batay sa alituntunin na nakapaloob sa DepEd Order no. 53. S 2023 paragraph J, dahil ang palihan ay gaganapin sa mga araw ng bakasyon.

8. Walang rehistrasyon sa pagdalo sa nasabing palihan.

9. Kalakip nito ang *Activity Matrix*, para sa sanggunian.

10. Ang maagap na paghahatid at pagsunod sa Memorandum na ito ay inaasahan.

Kalakip: tulad ng nakasaad

UU-00000017372

Dep Ed DIVISION OF PAMPANGA
CITY OF SAN FERNANDO
RELEASED
JUL 11 2023
BY:

**ROMEO M. ALIP PhD, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

*CID-IM-09*

Republic of the Philippines
# Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF PAMPANGA**

*Kalakip Blg 1 to Division memorandum No.* 327*, s. 2023*

**PANSANGAY NA SEMINAR-WRKSYAP SA PAGSULAT NG PANANALIKSIK NG MGA GURO SA JHS AT SHS FILIPINO**
**July 26-28, 2023**

| ORAS | DAY 1 | DAY 2 | DAY |
|---|---|---|---|
| 7:00- 8:00 | Pagtatala ng mga Kalahok | | Pambungad na Programa |
| 8:00 – 8:30 | Pambungad na Programa | Pambungad na Programa | Sesyon 5 |
| 8:30-10:00 | Rasyonale ng Palihan | Sesyon 3 | Snacks Break |
| 10:00-10:15 | Snacks Break | Snacks Break | Worksyap para sa Sesyon 5 |
| 10:15-12:00 | Sesyon 1 | Worksyap para sa Sesyon 3 | LUNCH BREAK |
| 12:00 – 1:00 | LUNCH BREAK | LUNCH BREAK | Sesyon 6 |
| 1:00 – 2:30 | Sesyon 2 | Sesyon 4 | Worksyap para sa Sesyon 6 |
| 2:30 – 4:00 | Worksyap para sa Sesyon 2 | Worksyap para sa Sesyon 4 | Presentasyon ng mga Awtput |
| 4:00 – 5:00 | Presentasyon ng mga Awtput | Presentasyon ng mga Awtput | PANAPOS NA PROGRAMA |

Address: High School Boulevard, Barangay Lourdes, City of San Fernando, Pampanga
Telephone No.: (045) 435-2728
eMail Address: pampanga@deped.gov.ph